

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nakikipagtulungan ang Brampton Fire at Emergency Services sa what3words para mapaingting ang kaligtasan ng komunidad

BRAMPTON, ON (Mayo 5, 2021) – Ang Brampton Fire at Emergency Services ay nakipag-partner sa what3words, isang libreng mobile app para sa iOS at Android na hinati ang mundo sa 3m kwadrado, ang bawat isa ay may walang kaparehong 3 salitang address.

Ang Lungsod ng Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod na dedicated sa kabutihan ng komunidad nito. Papayagan ng what3words ang Brampton Fire at Emergency Services na tumugon sa mga emergency na tawag sa mas tumpak na pagtukoy ng lokasyon, pinapagana ang mas mabilis na dispatch papunta sa lugar ng insidente, na napakahalaga sa mga emergency. Sumusuporta ito sa mga serbisyong nakapagliligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tao na mahanap ang mga naliligaw o ang mga nangangailangan ng suporta at eksaktong naglalarawan kung saan kailangan ang tulong sa isang emergency.

Ano ang what3words?

Ang what3words ay talagang simpleng paraan para pag-usapan ang tungkol sa lokasyon. Hinati nito ang mundo sa 3m kwadrado, ang bawat isa ay may walang kaparehong 3 salitang address. Nangangahulugan ito na ang bawat isa, saanman ay maaaring tutukoy sa isang tumpak na lokasyon – mula sa partikular na pasukan ng gusali hanggang sa punto ng hiking trail o remote spot sa isang field – gamit ang 3 salita lamang.

Kung may isang tao na nasa sitwasyong emergency at naghihirap sa paglarawan sa kanilang kinaroroonan, pwede nilang gamitin ang what3words para madali at tumpak na maibigay ang mga detalye ng kanilang lokasyon. Mahahanap ng isang tao ang address ng what3words para sa kanilang kasalukuyang lokasyon sa pamamagitan ng pagbubukas sa what3words app. Iddisplay ng what3words ang 3 salita mula sa 3m kwadradong lokasyon at maibigay ang mga ito ng caller sa Fire dispatch, na pwedeng magpasok sa kanila sa mapa ng what3words sa control room upang matukoy ang tumpak na lokasyon para sa dispatch.

Kung ang isang tao ay nag-install ng what3words app sa kanilang cellphone – gagana ito kahit offline, kaya malalaman nila ang 3 salita na address kahit walang Wi-Fi o mobile data. Maaaring hindi mai-download ang mapa ngunit maipapakita pa rin ang 3 salitang address.

Hindi sinusubaybayan ng what3words ang kinaroroonan ng mga user nito, nagbibigay ito ng paraan sa mga user para ibahagi ang kanilang kinaroroonan. Magtatabi ng talaan ang what3words sa mga paghahanap na ginawa sa loob ng mobile app nito at sa site ng mapa, at malalaman nito ang bayan o lungsod kung saan ginawa ang mga paghahanap na iyon, ngunit hindi nito hahawakan ang datos ng lokasyon sa indibidwal na antas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa what3words, bisitahin ang www.brampton.ca

Mga Quote

“Ang kaligtasan ng komunidad ay napakahalaga sa atin sa Lungsod ng Brampton bilang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod. Ang what3words mobile app ay magbibigay sa ating Fire at Emergency Services team ng mas tumpak na pagtukoy ng lokasyon, nakakatulong sa mas mabilis at mas tumpak na pagtugon sa mga emergency na tawag sa mga oras ng pangangailangan. Hinihikayat ko ang lahat ng residente ng Brampton na i-download itong potensyal na nakakapagligtas ng buhay na app.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang inobatibong lungsod, at dedicated tayo sa patuloy na paghahanap ng mga bagong paraan para mas mapahusay ang mga serbisyo na ibinibigay natin sa ating mga residente. Ang what3words ay isang simpleng paraan para matukoy ang anumang tumpak na lokasyon, na mas magpapabilis sa oras na kailangan ng ating dedicated na staff sa Fire at Emergency Services para protektahan ang ating komunidad sa mga emergency na sitwasyon.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, palagi tayong naghahanap ng mga paraan para gamitin ang mga mahalagang partnership para pakinabangan ng ating mga residente. Sa pakikipagtulungan sa what3words, ang sinuman sa Brampton na maaaring maharap sa isang emergency na sitwasyo ay madali at tumpak na maibahagi ang kanilang lokasyon sa Fire dispatch. Makaka-save ito ng panahon nang ito ay pinaka-mahalaga, at mapapahintulutan ang staff ng Brampton Fire at Emergency Services na madali at mabilis na mahahanap ang mga nangangailangan ng tulong.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Pinapasimple ng what3words ang pagsasalita tungkol sa lokasyon, hinahati ang mundo sa 3 kwadrado metro, ang bawat isa ay 3 salita na address. Sa nakaka-istres o mapanganib na mga sitwasyon, maaaring mahirap magpokus sa mga detalye tulad ng lokasyon, ngunit mahalaga ang bawat Segundo sa isang emergency. Tutulong ang what3words sa ating Brampton Fire at Emergency Services team na ituro ang tumpak na lokasyon sa mga panahon ng emergency, pinapapunta tayo saanman sa Brampton nang mas tumpak at mas mabilis para mapaglingkuran ang ating komunidad.”

- *Bill Boyes, Hepe, Brampton Fire at Emergency Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, dedicated tayo sa pagpapasulong sa Termino ng Prayoridad ng Konseho na ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at ang ating Fire at Emergency Services team ay gumaganap ng napakahalagang papel sa paggawa natin nito. Ang ating pakikipagtulungan sa what3words ay magpapaigting sa kaligtasan ng komunidad sa ating lungsod sa pamamagitan ng pagpapapunta sa staff ng Brampton Fire at Emergency Services nang mas mabilis at mas tumpak, ano man ang lokasyon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca